

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## Magdadaos ang Lungsod ng **Career Expo na nagtatampok ng mga trabaho sa Transportasyon sa Brampton, Mga Serbisyo sa Sunog at Emerhensiya**

BRAMPTON, ON (Pebrero 7, 2020) – Sumali sa staff ng Lungsod ng Brampton para sa natatanging pagkakataon na matuto tungkol sa mga karera sa Transportasyon sa Brampton at Mga Serbisyo sa Sunog at Emerhensiya sa Martes, Pebrero 25, mula 3 hanggang 8 pm sa Chris Gibson Recreation Centre.

Ang pagpapatakbo ng bus at pag-apula sa mga apoy ang maaaring pinaka-kilalang mga tungkulin ng mga departamentong ito, ngunit mayroong hanay ng mahalagang mga posisyon na bumubuo sa mga team na ito. Ini-employo ng Lungsod ang mga mekaniko, mga kapatás, at mga administrador. May mga tungkulin sa information technology, mapping, customer service, pampublikong edukasyon at marami pa.

Dumalo sa Career Expo ng Lungsod para:

- Matuto tungkol sa mga daan sa karera at mga oportunidad ng pag-unlad sa Transportasyon at Sunog
- Makinig sa mga kwento mula sa mga empleyado na kasalukuyang bahagi ng mga team na ito
- Lumahok sa walang bayad na Resume Clinic para makatulong sa inyo sa pagsulong sa inyong pinakamahasag na sarili – dalhin ang iyong resume at rerepasuhin ito ng mga Espesyalista ng Lungsod na kasama ka

Ang paghahatid ng napakahasag na mga serbisyo ay nagpapasimula sa inspirado, mapagmahal na team. Ang event na ito ay bago para sa Lungsod, at nananabik ang team na dagdagan ang kamalayan tungkol sa mga oportunidad sa karera. Kahit na hindi magagawa ng Lungsod na tanggapin ang mga resume sa panahon ng Expo, magbibigay ang staff sa mga naghahanap ng trabaho ng impormasyon tungkol sa mga kwalipikasyon at proseso ng pagtanggap.

Ang Chris Gibson Recreation Centre ay matatagpuan sa 125 McLaughlin Road, sa pagitan ng Williams Parkway at Queen Street.

### **Pira-pirasong Impormasyon**

- Noong Enero 2020, kinilala ng Forbes ang Lungsod ng Brampton bilang isa sa [Pinakamabuting Employer sa 2020](#), isang talaan ng 300 nangungunang employer sa Canada. Ang Lungsod ay isa lamang sa dalawang organisasyon ng Pamahalaan sa nangungunang 50 sa listahan.
- Noong Nobyembre 2019, nilikha ng Lungsod ng Brampton ang limang taon na Pagkakaiba-iba sa Lugar ng Trabaho at Istratehiya na Nagsasalí at Plano sa Trabaho. Itinatakda nito ang mga pagkakataon na itaguyod ang mas nagsasalí, nagpapaunlad at kumikilala sa mga tauhan nito, at naghihikayat ng mga manggagawa na iba-iba ang kultura.

**Mga Quote**

Isang Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo na kinabibilangan ng moderno, magkakaiba-iba at nagsasaling empleyado – isang mahalagang parte ng bagong limang tao na Istratehiya sa Pagkakaiba-iba sa Lugar ng Trabaho at Nagsasali. Magkasama, pinapalaki natin ang iba-ibang mga manggagawa na naglalarawan sa komunidad na pinaglilingkuran ng Lungsod ng Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Excited ang ating team na magpatuloy sa paghahatid ng mga resulta para sa ating mga residente. Ang paghikayat sa mga taong naglalarawan sa ating komunidad at kapareho ang mga prinsipyo sa atin ay lumilikha ng kapaligiran ng trabaho kung saan namumuhay ang mga empleyado ng Lungsod. Kung desidido kayong gumawa ng kaibahan para sa Brampton, hinihikayat namin kayo na dumalo sa ating pinaka-unang Career Expo para malaman ang tungkol sa kapana-panabik na mga karera sa Transportasyon o Mga Serbisyo sa Sunog at Emerhensya.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)